


## Paano Gamitin ang mga Mapa ng Panganib

Alamin ang antas ng panganib ng inyong bahay, paaralan o opisina sa map ng panganib, at gumawa ng mga paghahanda para angkop na mapangasiwaan ang mga hakbang sa paglikas kung may mangyaring sakuna.

**1 Alamin ang lokasyon ng bahay at destinasyon sa paglikas**



**2 Alamin ang range ng pinsala dahil sa pag-apaw na baha dulot ng Tsunami**



**3 Alamin ang mga ruta sa paglikas**  
※Alamin sa pamamagitan ng aktuwal na paglalakad.




**4 Ihanda ang mga bagay na dadalhin sa paglikas kapag nakaramdam ng mga pagyanig.**



## Ruta sa pagpapadala ng impormasyong nauugnay sa Tsunami

Kung may prediksiyon na may darating na tsunami, magpapadala ng impormasyon ang Japan Meteorological Agency (JMA) at siyudad ng Nishio sa pamamagitan ng wireless-activated na sistema ng babala sa sakuna at aplikasyon sa pag-iwas sa sakuna ng siyudad ng Nishio.



※Mayroon ding iba pang paraan para ipadala ang impormasyon. Gamitin ang mga paraan sa pagkuha ng impormasyon na naaangkop sa iyo.

## Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

Sa kritikal na panahon, pro-aktibong kumuha ng impormasyon tungkol sa panahon at impormasyon sa paglikas mula sa TV, radyo at internet. Maaaring magbago ang impormasyon tungkol sa mga pasilidad sa paglikas tulad ng mga pansamantalang kanlungan kapag may Tsunami na nakalista sa mapa ng panganib simula nang ginawa ang mga ito. Alamin ang pinakabagong impormasyon tungkol sa aplikasyon sa pag-iwas sa sakuna o website ng siyudad ng Nishio.

### Tungkol sa aplikasyon sa pag-iwas sa sakuna ng siyudad ng Nishio

Sa aplikasyong ito, puwede mong tingnan ang nilalaman ng broadcast ng wireless-activated na sistema ng babala sa sakuna, mga itinalagang kanlungan para sa paglikas, mapa ng panganib at iba pang kaugnay na impormasyon.

**Available ito para i-download at gamitin nang libre.**

I-scan ang QR code para i-download ang aplikasyon sa iyong kasalukuyang smartphone.

**Para sa mga user ng iPhone**



**Para sa mga user ng Android**



※Kung hindi mo ma-install ang app, puwede mong tingnan ang broadcast ng nilalaman sa sistema ng babala sa sakuna na wireless-activated sa pamamagitan ng isa sa sumusunod.

### 1 Mga email sa pag-iwas sa sakuna ng siyudad ng Nishio

**[E-mail address para sa pagpaparehistro]**  
**bousai.nishio-city2@raidenn2.ktaiwork.jp**

Puwede kang magparehistro sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code o sa pamamagitan ng direktang paglalagay ng e-mail address para sa pagpaparehistro at pagpapadala ng blangkong e-mail (walang kailangang subject o nilalaman).

※Kani-kaniyang gastos ang mga gastusin sa komunikasyon.  
※I-configure ang mga setting para matanggap mo ang address sa itaas.



### 2 Serbisyo ng telepono para sistema ng babala sa sakuna na wireless-activated

Tawagan ang sumusunod na numero para tingnan ang broadcast ng nilalaman sa sistema ng babala sa sakuna na wireless-activated.

**☎ 0120-96-8111 (Toll-free)**

### 3 Opisyal na LINE account ng siyudad ng Nishio

Magdagdag ng mga kaibigan at makatanggap ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna



[Magparehistro sa pamamagitan ng paghahanap ①]

Habapin ang **Siyudad ng Nishio** mula sa "tab ng opisyal na account" sa aplikasyon ng LINE

[Magparehistro sa pamamagitan ng paghahanap ②]

Mula sa "Magdagdag ng Kaibigan," piliin ang "Maghanap ng ID," ilagay at hanapin ang ID na **@nishiocty**

### Iba pang mapagkukunan ng impormasyon

#### Website ng siyudad ng Nishio

Impormasyon sa paglikas, mga detalye ng itinalagang kanlungan sa paglikas, plano sa paglikas kapag may Tsunami, atbp.  
<https://www.city.nishio.aichi.jp/>



#### Kagawaran sa Pag-iwas sa Sakuna at Kaligtasan ng Aichi Prefecture

Impormasyon tungkol sa mga sakuna sa prefecture o kasaysayan ng mga nakalipas na sakuna  
<https://www.pref.aichi.jp/bousai/>



#### Japan Meteorological Agency (JMA)

Mga paliwanag tungkol sa impormasyon tungkol sa panahon at mga babala (Babala ng malaking tsunami, atbp.)  
<http://www.jma.go.jp/jma/>



### Tungkol sa mga email ng maagang babala ng emergency (Mga email sa rehiyon)

Ginagamit ang mga serbisyo ng mga carrier ng telekomunikasyon (NTT DoCoMo, Softbank, au, Y!mobile \*) para magpadala ng impormasyon sa mga taong nananatili sa siyudad.

\*Ang Y!mobile lamang ang walang impormasyon sa sakuna o paglikas

\*Hindi naaangkop ang ilang modelo

## Ano ang dapat gawin kapag naramdaman mo ang Kagyat na Babala sa Lindol

Ang Kagyat na Babala sa Lindol ay impormasyon na hinuhulaan ang oras ng pagdating at antas ng tindi ng lindol ng malalakas na pagyanig sa iba't ibang lugar at mabilis itong ipinapadala hangga't maaari. Ipinapadala ang impormasyong ito sa pamamagitan ng TV, radyo, o sistema ng babala sa sakuna na wireless-activated. Maaaring hindi makarating sa oras ang impormasyon sa mga lugar na malapit sa pinagmulan ng lindol.


### Sa mga indoor...

- Magtago sa ilalim ng mesa at pangalagaan nang husto ang ulo.
- Huwag tumakbo papunta sa labasan. Kumalma at pagkatapos ay lumikas.
- Gamitin ang hagdanan at hindi ang elevator sa paglikas.

### Sa mga outdoor...


- Umiwas sa mga nalalaglag na bagay o gumuguhong estruktura.
- Huwag pumunta sa makikipot na daan.
- Pumasok sa matitibay na gusali sa halip na manatili sa mga kalsada.

### Kapag nasa loob ng bahay




Magtago sa ilalim ng matibay na mesa o kaparehong estruktura, at protektahan ang iyong sarili laban sa mga nahuhulog na bagay.

### Kapag nagmamaneho ng sasakyan




Sa halip na biglaang tumigil, dahan-dahang bumagal, itigil ang sasakyan sa kaliwang bahagi ng kalsada, at patayin ang makina.

### Kapag gumagamit ng pasilidad sa transportasyon



Takpan ang ulo mo gamit ang iyong bag o kaparehong bagay. Para iwasang mahulog sa riles ng tren, yumukyo at humawak sa isang nakapirming bagay.

### Kapag nasa loob ng paaralan




Sa silid-aralan, magtago sa ilalim ng mga desk at protektahan ang sarili mula sa mga nahuhulog na bagay.

### Kapag nasa baybayin o estuwaryo



Kapag tumigil na ang mga pagyanig, umalis sa lugar na mapanganib dahil sa tsunami o lumikas sa isang pansamantalang kanlungan kapag may tsunami.

### Kapag naglalakd sa kalsada



Iwasan ang mga nahuhulog na bagay tulad ng mga nabasag na salamin ng bintana mula sa mga gusali, at mga billboard, at pangalagaan nang husto ang ulo gamit ang mga bagay tulad ng iyong mga gamit.

### Kapag nasa bundok o matarik na dalisdis...




Mag-ingat sa mga nahuhulog na bato at mga guho...

### Kapag nasa isang pasilidad na maraming tao...



Sumunod sa mga tagubilin ng taong namamahala. Huwag tumakbo papunta sa labasan.

### Kapag nasa elevator...



Pindutin ang mga button para tumigil sa lahat ng palapag at kaagad na bumaba sa palapag na tinigilan.

## Mga Karaniwang Kaayusan

Sa mga karaniwang pagkakataon, magsaayos ng mga bagay at reserbang supply para sa emergency na paglikas, at alamin ang petsa ng pag-expire ng mga reserbang supply.

Talakayin ang antas ng panganib ng gusali sa iyong pamilya at mga kasamahan, alamin ang mga paraan ar ruta ng paglikas, at gumawa ng listahan ng mga lugar kung saan magkikita, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, atbp.

### → Tandaan kapag pumipili ng ruta sa paglikas

Kung sakaling may tsunami, dahil lilikas ka pagkatapos ng lindol, iwasan ang mga sementadong pader at tulay na maaaring gumuho, matatarik na dalisdis (mga lugar na mapanganib dahil sa pagguho ng lupa, atbp.), mga lugar na malapit sa mga dagat at ilog, at mga underpass kung maaari. Gayundin, alamin sa pamamagitan ng aktuwal na paglalakad sa isang karaniwang sitwasyon.

### Mga Halimbawa ng Maeryales para sa Emergency na Paglikas

※Ayusin ayon sa sitwasyon ng pamilya.

|                               |                                       |                                                                      |                                               |                                                                                                         |
|-------------------------------|---------------------------------------|----------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>1</b> Passbook at seal     | <b>2</b> Cash                         | <b>3</b> Kopya ng lisensya                                           | <b>4</b> Mga emergency na rasyon              | <b>5</b> Tubig                                                                                          |
| <b>6</b> Mga damit at tuwalya | <b>7</b> Mga supply na pang-first aid | <b>8</b> Mga supply para sa kalinisan ng katawan tulad ng mga diaper | <b>9</b> Radyo, flashlight, mga sapatos, pito | <b>10</b> Mapa ng Panganib sa Tsunami, mapa ng panganib sa pagguho ng lupa, mapa ng panganib sa pagbaha |

Sa bag!



### Mga reserbang supply

Maaaring magtagal bago ka mabigyan ng mga supply. Mag-imbak ng reserbang tubig at mga emergency na rasyon para sa isang linggo.



### Lugar para tirahan ng pamilya


| Uri ng sakuna          | Destinasyon ng paglikas |
|------------------------|-------------------------|
| Lindol/tsunami         |                         |
| Lindol(walang tsunami) |                         |

### Puwedeng makaugnayan para sa pamilya

| Apelyido | Puwedeng makaugnayan sa kompanya at paaralan | Numero ng telepono/email address | Number ng mobile | Uri ng Dugo |
|----------|----------------------------------------------|----------------------------------|------------------|-------------|
|          |                                              |                                  |                  | type        |
|          |                                              |                                  |                  | type        |
|          |                                              |                                  |                  | type        |
|          |                                              |                                  |                  | type        |
|          |                                              |                                  |                  | type        |
|          |                                              |                                  |                  | type        |

## Mga hakbang na dapat gawin kung may lindol


Isipin na ang pagkakaroon ng lindol ay hindi isang di-pangkaraniwang pangyayari, ngunit isang pangkaraniwang pangyayari.



※Gumawa ng sarili mong plano ng pagkilos batay sa mga nabanggit na punto sa itaas.

## Patnubay para sa Paglikas Kapag may Tsunami

- Bilang pangkalahatang panuntunan, lumikas sa isang kanlungan sa labas ng mga lugar na mapanganib dahil sa tsunami Lumikas sa lalong madaling panahon kapag humupa na ang lindol.
- Lumikas lamang sa mga pansamantalang kanlungan para sa tsunami kung mahirap lumikas papunta sa malayong lugar dahil sa pisikal na kapansanan. Tingnan ang mapa para a mga pansamantalang janlungan para sa tsunami. Tandaan na ang mga pansamantalang kanlungan para sa tsunami ay mga lugar para protektahan ka mula sa tsunami sa isang emergency na sitwasyon, at hindi isang lugar na titirahan kapag lumikas sa loob ng mahabang panahon.



※Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga pansamantalang kanlungan para sa tsunami, tingnan ang app at website sa pag-iwas sa sakuna ng siyudad ng Nishio.

- Kung malapit ka sa dagat, ilayo ang iyong sarili sa lalong madaling panahon kapag humupa na ang lindol.
- Iwasan ang pagpunta sa baybayin o mga estuwaryo pagkatapos ng lindol, at kunin ang impormasyon tungkol sa tsunami mula sa TV, radyo, o Internet.



Mahalaga ang lokal na pagkakaisa!



Paglikas nang naglalakad!




Huwag lumapit sa mga baybayin at ilog.



Huwag bumalik batay sa sariling pagpapasya.

## Pag-dial para sa mensahe sa sakuna

Isa itong "board na sistema ng voice message" na magagamit kapag hindi tuloy-tuloy ang pakikipagkomunikasyon sa lugar ng sakuna dahil sa pagdating ng sakuna, at mahirap ang koneksyon.



Maliban rito, mayroong "Disaster Message Board" sa iyong cellphone at smartphone. Maaaring mag-iba-iba ang paraan ng pag-record ng mensahe at iba pang setting depende sa mobile network carrier o sa modelo ng telepono, kuya't maagang alamin ito.